

Original Article

Pagbuo at Balidasyon ng mga Supplementaryong Worksheet sa Filipino 6

Glenmar Biscarra^{1,*}

Received: 24 February 2026; Revised: 18 March 2026;
Accepted: 14 April 2026; Published: 15 April 2026

DOI: <https://doi.org/10.66074/V1B2N3M45>

Abstrak

Ang pananaliksik ay nakatuon sa pagbuo ng mga supplementaryong worksheet para sa Filipino 6. Ito ay nakapokus sa mga kasanayang hindi gaanong natutunan ng mga mag-aaral mula sa Most Essential Learning Competencies (MELCs) ng asignaturang Filipino 6. Gamit ang metodolohiyang Research and Development (R&D), sinunod ng mananaliksik ang mga pangunahing yugto sa pagpapalano, pagpapa-unlad at balidasyon upang makabuo ng kagamitang pampagtuturo. Apat na instrumento ng ebalwasyon ang ginamit: hinangong pagsusulit mula sa PROJECT SMART ng DepEd upang matukoy ang mga kasanayang hindi gaanong natutunan ng mga mag-aaral; hangong instrumento mula rin sa DepEd upang masuri ang kalidad ng dimensyon ng mga worksheet; hangong tseklis upang sukatin ang pagiging katanggap-tanggap ng mga nabuong worksheets; at tseklis upang sukatin ang pagtanggap ng mga mag-aaral. Ang pagsusuri ng datos gamit ang mean score ay matutunghayan na ang mga worksheets ay may mataas na balidasyon sa iba-ibang dimensyon, kabilang ang kawastuhan ng nilalaman, porma at teknikal na disenyo, presentasyon, organisasyon, at napapanahong impormasyon. Tinaya rin ng mga mag-aaral at guro ang mga worksheet bilang lubhang katanggap-tanggap na mga supplementaryong kagamitan. Batay sa mga natuklasan, inirekomenda na maaaring gamitin ng mga gurong Filipino sa Baitang 6 ang mga balidong worksheet na ito sa kanilang pagtuturo. Hinihikayat din ang mga paaralan na suportahan ang patuloy na pagpapaunlad ng mga

¹ Abra State Institute of Sciences and Technology, Main Campus, Lagangilang, Abra, Philippines
* gbiscarra@asist.edu.ph

supplementaryong kagamitan upang higit pang mapabuti ang mga kasanayan ng mga mag-aaral.

Mga Susing Salita: balidasyon, Filipino 6, pagtanggap, worksheets

Abstract (English)

This study focused on developing supplementary worksheets for Filipino Grade 6, targeting the least learned competencies identified within the Most Essential Learning Competencies (MELCs). Using the Research and Development (R&D) methodology, the researcher followed the key planning, development, and validation phases to create learning materials. Four evaluation instruments were employed: a teacher-made test adopted from PROJECT SMART to identify LLCs; an adopted evaluation tool from DepEd to assess the worksheets' dimensional quality; an adapted checklist for Grade 6 Filipino teachers to gauge acceptability; and modified student evaluation checklist to measure learner acceptance.

Data analysis using mean scores revealed that the worksheets demonstrated high validity across multiple dimensions, including content accuracy, format and technical design, presentation, organization, and currency of information. Teachers and students also rated the worksheets as highly acceptable supplementary materials. From these results, it is suggested that Grade 6 Filipino teachers may use the validated worksheets into their instruction. Schools are also encouraged to support the ongoing development of supplementary resources to further improve student learning outcomes.

1. Introduksyon

Ang edukasyon ay ang pundasyon ng personal at panlipunang pag-unlad, lalo na sa antas ng elementarya kung saan hinuhubog ang mga pangunahing kasanayan. Ang pagiging epektibo ng edukasyon sa yugtong ito ay may malaking kaugnayan sa kalidad at pagkakaroon ng mga kagamitang pampagkatuto. Ipinapakita ng mga pag-aaral na ang mga de-kalidad na instructional materials ay nakatutulong sa pagpapahusay ng pakikilahok, pag-unawa, at akademikong pagganap ng mga mag-aaral (Hattie, 2009; OECD, 2019). Dagdag pa rito, ipinakita nina Boser et. al (2015), na ang paggamit ng mataas na kalidad na kurikulum at kagamitang panturo ay may malaking epekto sa pagkatuto ng mga mag-aaral at maaaring maging kasing-epektibo o higit pa kumpara sa ibang interbensyon tulad ng pagbawas ng laki ng klase.

Bukod dito, ang mga kagamitang pampagkatuto ay nagbibigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral na malinang ang kanilang kritikal na pag-iisip, malikhaing kakayahan, at sariling pagkatuto (Tomlinson, 2014; Slavin, 2018). Ang paggamit ng

iba-ibang anyo ng instructional materials tulad ng biswal, auditoryo, at interaktibo ay mahalaga upang matugunan ang iba-ibang estilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral at maisulong ang self-directed learning (Means et al., 2013; Tamim et al., 2011). Kapag ang mga kagamitang ito ay maayos ang disenyo at nakaayon sa pamantayan, hindi lamang nito pinahuhusay ang pagkatuto ng mga mag-aaral kung hindi sinusuportahan din ang mga guro sa pagbibigay ng mas makabuluhang pagtuturo.

Sa konteksto ng Pilipinas, bilang bahagi ng Learning Continuity Plan, bumuo ang Department of Education – Philippines (2020) ng Self-Learning Modules (SLMs). Gayunpaman, ipinakita nina Dangle at Sumaoang (2020) na may mga hamon sa implementasyon nito, tulad ng kahirapan ng mga mag-aaral na maunawaan ang mga aralin dahil sa dami at komplikasyon ng nilalaman. Sinusuportahan ito nina Tanucan, et. al (2023), na nagsasabing ang epektibong modular learning ay nangangailangan ng malinaw na instruksyon, angkop na nilalaman, at sapat na gabay mula sa guro. Dahil dito, mahalagang gawing mas simple, organisado, at kontekstuwalisado ang mga SLM upang mas mapadali ang pagkatuto ng mga mag-aaral.

Samantala, ang paggamit ng supplementaryong materyal tulad ng worksheets ay napatunayang epektibo sa pagpapalalim ng kasanayan at pag-unawa ng mga mag-aaral (Slavin, 2018). Gayunpaman, may kakulangan pa rin sa kontekstuwalisadong kagamitang pampagkatuto para sa asignaturang Filipino, lalo na sa ikaanim na baitang. Kaya mahalaga ang pagbuo ng mga worksheet na nakaayon sa kurikulum ng DepEd at tumutugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral upang mapabuti ang kanilang kasanayan sa wika.

Sa lokal na konteksto, ang lalawigan ng Abra ay madalas makaranas ng mga kalamidad tulad ng lindol, bagyo, at matinding init, na nagdudulot ng pagkaantala sa pag-aaral. Ang mga ganitong sitwasyon ay nagpapakita ng kahalagahan ng pagkakaroon ng flexible at accessible na mga kagamitang pampagkatuto upang matiyak ang tuloy-tuloy na edukasyon kahit sa panahon ng sakuna. Ang pangunahing layunin ng pnanaliksik na ito ay lumikha ng mga karagdagang worksheet sa Filipino para sa mga mag-aaral sa ikaanim na baitang.

2. Metodo

Ang pananaliksik na ito ay nakatuon sa paggawa at pagtiyak na wasto ang mga ginawang worksheet para sa Filipino 6 na magsisilbing karagdagang kagamitan ng mga guro sa pagtuturo. Ginamit ng mananaliksik ang developmental research design na nakabatay sa ADDIE Model para makabuo ng kagamitan sa mga kasanayang hindi masyadong naintindihan ng mga mag-aaral sa unang markahan. Unang tinukoy ang least learned competencies ng mga mag-aaral, na sinimulan ang pagplano at pagdisenyo hanggang makabuo ng worksheets at tinaya, panghuli ay pinasuri sa mga mag-aaral at guro para sa kanilang pagtanggap.

Ang pananaliksik ay binubuo ng tatlong pangkat ng mga kalahok. Ang unang pangkat ay binubuo ng limang tagasuri: dalawang Doctor of Philosophy sa Filipino, isang Master Teacher sa Filipino, at dalawang Learning Resource Evaluator mula sa

DepEd. Ang pangalawang pangkat ay binubuo ng tatlong guro ng Filipino sa ikaanim na baitang mula sa ASIST at mga paaralan ng DepEd sa Abra. Ang ikatlong pangkat ay kinabibilangan ng tatlumpu't siyam na mag-aaral ng ikaanim na baitang mula sa Abra State Institute of Science and Technology, Laboratory School, Main Campus, na nakapagtala sa taong panuruan 2023-2024. Ginamit ang total population sampling kung saan lahat ng mga mag-aaral ay kabilang sa pananaliksik.

Bago isagawa ang pag-aaral, dumaan muna ang manuskrito sa ethics review committee upang matiyak na sumusunod ang lahat ng proseso sa mga ethical guidelines. Matapos maaprubahan, kumuha ng permiso mula sa tagapangulo ng ASIST Laboratory School, Main Campus, at sa guro ng mga estudyante para isali ang mga ito bilang kalahok. Humingi rin ng permiso ang mananaliksik mula sa mga estudyante sa pamamagitan ng consent form, kung saan ipinaliwanag ang layunin, proseso, at sakop ng pag-aaral. Bukod pa rito, nagpadala rin ng liham sa mga magulang para ipaalam sa kanila ang tungkol sa pag-aaral.

Kasunod nito, pinasagutan ng mananaliksik sa mga mag-aaral ang ginawang pagsusulit ng guro para sa Filipino 6 para sa unang kwarter upang matukoy ang kanilang pagganap sa iba-ibang learning competencies. Sinuri ng mananaliksik ang pagsusulit at tinukoy ang mga kasanayang hindi gaanong natutunan gamit ang item analysis. Ang sumusunod ay ang nangangailangang pagtuunang pansin: nasasagot ang mga tanong tungkol sa napakinggang pabula, kuwento, tekstong pang-impormasyon at usapan; nagagamit nang wasto ang mga panghalip na panao, paari, pananong, pamatlig, panaklaw sa pakikipag-usap sa iba-ibang sitwasyon; at nagagamit ang pangkalahatang sanggunian sa pagsasaliksik.

Batay sa mga resultang ito, binuo ang mga worksheet na nakapokus sa mga natukoy na competencies. Personal na naghatid ang mananaliksik ng liham, evaluation checklist, at mga worksheet sa grupo ng mga ebalweytor, na binigyan ng dalawang linggo upang suriin nang lubusan ang mga worksheets. Kapag nakolekta na ang feedback, tinipon at sinuri ito ng mananaliksik, at inayos ang mga worksheet batay sa mga komento ng mga ebalweytor.

Ibinigay ang mga worksheet sa mga estudyante, isa kada linggo, bilang dagdag na gawain sa pag-aaral. Layunin ng mga worksheet na ito na paunlarin ang mga natutunan nila sa unang markahan. Matapos sagutan ng mga estudyante, tinitingnan at ibinabalik ito ng kanilang guro. Bukod pa rito, humingi ng tulong sa tatlong guro sa ikaanim na baitang mula sa iba-ibang paaralan para suriin kung maganda ba ang mga worksheet. Binigyan ang mga guro ng mga worksheet at talatanungan, at ginamit ang mga sagot ng mga estudyante at guro para malaman kung katanggap-tanggap ang mga worksheet.

Ginamit ang sumusunod na iskala sa pagsusuri ng balidasyon at pagtanggap sa nabuong supplementaryong worksheets:

Balidasyon

Iskala	Deskripsyon	Pangkalahatang Deskripsyon
3.26- 4.00	Very Satisfactory (VS)	Lubos na Balido (LB))
2.51- 3.25	Satisfactory (S)	Balido (B)
1.76- 2.50	Poor (P)	Di-gaanong Balido (DB)
1.00- 1.75	Not Satisfactory (NS)	Hindi Balido (HB)

Pagtanggap

Iskala	Deskripsyon
3.26-4.00	Lubos na Katanggap-tanggap
2.51-3.25	Katanggap-tanggap
1.76-2.50	Hindi Katanggap-tanggap
1.00-1.75	Lubos na Hindi Katanggap-tanggap

Ang mga sumusunod na instrumento sa pangangalap ng datos ay ginamit sa pag-aaral gaya ng hangong pagsusulit mula sa PROJECT SMART (Standardized and Meaningful Assessment Result-based Teaching) ng Department of Education, Cordillera Administrative Region, na isinulat ni Dalay-on, evaluation rating sheet at tseklist. Ang mean ay ginamit upang itrato ang datos at tukuyin ang pagiging balido at pagtanggap ng mga binuong worksheets.

3. Resulta

Suliranin 1. Ano ang mga hindi gaanong natutunan (Least Learned Competencies) sa Filipino 6 ng mga mag-aaral sa unang kwarter?

Talahanayan 1. Hindi gaanong natutunan (least learned competencies) sa Filipino 6 ng mga mag-aaral sa unang kwarter.

Kompetensi	Mean	Antas ng Kakayahan
Nasasagot ang mga tanong tungkol sa napakinggang pabula, kuwento, tekstong pang-impormasyon at usapan.	47.45	Mababang Kahusayan
Nagagamit nang wasto ang mga panghalip na panao, paari, pananong, pamatlig, pamaklaw sa pakikipag-usap sa iba-ibang sitwasyon.	47.20	Mababang Kahusayan
Nagagamit ang pangkalahatang sanggunian sa pagsasaliksik.	43.35	Mababang Kahusayan

Makikita sa Talahanayan 1 ang mga araling hindi gaanong naintindihan ng mga estudyante sa ikaanim na baitang. Halimbawa, ang unang kompetensi na may kinalaman sa pagsagot ng mga tanong tungkol sa mga pabula, kuwento, at iba pang teksto ay may mean score na 47.45%, na nagpapakitang hindi ito masyadong naintindihan. Gayundin ang pangalawang kompetensi tungkol sa paggamit ng mga panghalip, na may mean score na 47.20%. At ang pangatlong kompetensi tungkol sa paggamit ng sanggunian sa pagsasaliksik ay may mean score na 43.35%. Ipinapakita nito na nahihirapan ang mga estudyante sa mga araling ito. Kaya naman, kailangan ng mga gamit sa pagtuturo na tutulong sa kanila. Ayon kina Snow (2002), ang pakikinig, pag-unawa sa binabasa, at paggamit ng gramatika ay nananatiling hamon sa mababang antas ng edukasyon.

Suliranin 2. Anong supplementaryong kagamitang pampagtuturo ang maaring mabuo upang mapahusay ang mga competencies ng mga mag-aaral sa Filipino 6?

Ang mga worksheet na ginawa para sa Filipino 6 ay espesyal na ginawa para tulungan ang mga estudyanteng nahihirapan sa ilang aralin, para masigurong nakatuon at praktikal ang kanilang pag-aaral. Ang bawat worksheet ay nakabalangkas sa mga pangunahing seksyon: ang Pahinang Pabalat, VMGO ng Paaralan, Talaan ng Nilalaman, Maikling Talakayan, Mga Gawain at Panghuling Gawain.




Figura 1. Bahagi ng worksheet.

Suliranin 3. Ano ang pagtatasa ng mga tagasuri sa mga worksheet batay sa iba-ibang aspeto?

Batay sa pangkalahatang mean score na ipinakita sa talahanayan, ang ebalwasyon ng tatlong worksheets sa iba-ibang salik gaya ng Nilalaman, Pormat, Presentasyon at Organisasyon, at Kawastuhan at Pagiging Napapanahon ng Impormasyon ay nagpapakita ng mataas na antas ng balidasyon ng mga tagasuri na may pangkalahatang mean score na 3.91 na "Lubos na Balido."

Talahaanayan 3. Buod ng pagtatasa ng mga tagasuri sa mga worksheet.

Indikador	Worksheet 1		Worksheet 2		Worksheet 3		As a Whole	
	\bar{x}	DR	\bar{x}	DR	\bar{x}	DR	\bar{x}	DR
Nilalaman	3.89	VS	3.97	VS	3.91	VS	3.92	VS
Pormat	3.89	VS	3.97	VS	3.91	VS	3.92	VS
Presentasyon at Organisasyon	3.92	VS	3.88	VS	3.84	VS	3.88	VS
Kawastuhan at Pagiging Napapanahon na Impormasyon	3.90	NP	3.93	NP	3.90	NP	3.91	NP
Overall Mean	3.90	LB	3.93	LB	3.89	LB	3.91	LB

Iskala
 3.26- 4.00 Deskripsyon
 2.51- 3.25 Very Satisfactory (VS)
 1.76- 2.50 Satisfactory (S)
 1.00- 1.75 Poor (P)
 Not Satisfactory (NS)

Pangkalahatang Deskripsyon
 Lubos na Balido (LB)
 Balido (B)
 Di-gaanong Balido (DB)
 Hindi Balido (HB)

Suliranin 4. Ano ang antas ng pagtanggap sa nabuong worksheets ng mga mag-aaral at guro?

Talahaanayan 4.a Antas ng pagtanggap sa nabuong worksheets ng mga guro.

Indikador	Mean	Deskripsyon
Nilalaman	3.71	Lubos na Katanggap-tanggap
Disenyo	3.76	Lubos na Katanggap-tanggap
Adaptability	3.76	Lubos na Katanggap-tanggap
Kaangkupan	3.81	Lubos na Katanggap-tanggap
Usability	3.85	Lubos na Katanggap-tanggap
Overall Mean	3.78	Lubos na Katanggap-tanggap

Iskala
 3.26-4.00 Deskripsyon
 2.51-3.25 Lubos na Katanggap-tanggap
 1.76-2.50 Katanggap-tanggap
 1.00-1.75 Hindi Katanggap-tanggap
 Lubos na Hindi Katanggap-tanggap

Ipinapakita ng Talahaanayan 4.a ang pagtataya ng mga guro sa mga nabuong worksheets sa limang indikador. Lahat ng mga indikador ay nakatanggap ng mean score sa pagitan ng 3.71-3.85, na nasa katagoryang "Lubos na Katanggap-tanggap". Kinukumpirma ng pangkalahatang mean score na 3.78 na ang mga worksheets ay lubos na katanggap-tanggap ayon sa pagtataya ng mga guro.

Talahanayan 4.b Antas ng pagtanggap sa nabuong worksheets ng mga mag-aaral.

Indikador	Mean	Deskripsyon
Objective	3.82	Lubos na Katanggap-tanggap
Content	3.81	Lubos na Katanggap-tanggap
Topic	3.82	Lubos na Katanggap-tanggap
Activities	3.88	Lubos na Katanggap-tanggap
Overall Mean	3.83	Lubos na Katanggap-tanggap

Iskala	Deskripsyon
3.26-4.00	Lubos na Katanggap-tanggap
2.51-3.25	Katanggap-tanggap
1.76-2.50	Hindi Katanggap-tanggap
1.00-1.75	Lubos na Hindi Katanggap-tanggap

Ipinapakita ng Talahanayan 4.b ang pagtataya ng mga mag-aaral sa mga nabuong worksheets batay sa limang indikador. Lahat ng mga indikador ay nakatanggap ng mean score na mula 3.81 hanggang 3.88, na nasa kategoryang "Lubos na Katanggap-tanggap." Ang pangkalahatang mean score na 3.83 ay nagpapahiwatig na lubos na katanggap-tanggap ng mga mag-aaral lahat ng nabuong worksheets.

4. Diskusyon

Una, ang mga hindi gaanong natutunan (least learned competencies) ng mga mag-aaral sa Filipino 6 sa unang kwarter ay ang nasasagot ang mga tanong tungkol sa napakinggang pabula, kuwento, tekstong pang-impormasyon at usapan, nagagamit nang wasto ang mga panghalip na panao, paari, pananong, pamatlig, panaklaw sa pakikipag-usap sa iba’t ibang sitwasyon at nagagamit ang pangkalahatang sanggunian sa pagsasaliksik, ito ay sinusupportahan ng UNESCO (2022), maraming mag-aaral sa primarya ang nakararanas ng kahinaan sa pag-unawa sa teksto, na umaayon sa mababang kakayahan ng mga kalahok sa pagsagot sa mga tanong mula sa napakinggang at nabasang teksto. Gayundin, binanggit nina Schmitt (2020) na ang gramatikal na kasanayan tulad ng paggamit ng panghalip ay nananatiling hamon kung hindi ito naisasagawa sa makabuluhang komunikasyon. Dagdag pa rito, ipinakita nina Kuhlthau (2020) at OECD (2021) na ang paggamit ng sanggunian at kasanayan sa pananaliksik ay kabilang sa mga pinakamahirang larangan ng mga mag-aaral, na sumusuporta sa pinakamababang mean na nakuha sa kasanayang ito.

Pangalawa, ang mga supplementary worksheets na binuo para sa Filipino 6 ay maingat na idinisenyo upang tugunan ang hindi gaanong natutunan ng mga mag-aaral. Nagbibigay ang mga worksheet na ito ng isang komprehensibo at nakakaengganyong karanasan sa pagkatuto sa pamamagitan ng pagsasama ng malinaw na mga talakayan, mga interaktibong presentasyon, iba’t ibang mga gawain, at mga mahusay na nakabalangkas na pagtatasa. Ayon kay Castañeda (2026), ang mga maingat na idinisenyong supplementary worksheets ay nagdudulot ng makabuluhang pagtaas sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Gayundin, ipinakita nina Amaliya et al. (2024) na ang interaktibong worksheets ay nagpapataas ng engagement

at literacy skills. Dagdag pa rito, binigyang-diin nina Mondragon et al. (2023) na ang structured supplementary materials ay epektibong tumutugon sa learning gaps. Samantala, natuklasan ni Robles (2025) na ang pagdidisenyo ng materyales batay sa least mastered competencies ay nagpapabuti sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa konteksto ng Filipino, ipinakita rin ni Aguinaldo (2026) na ang interactive instructional materials ay nakapagpapataas ng reading performance ng mga mag-aaral.

Pangatlo, batay sa pagsusuri ng mga eksperto sa mga nabuong supplementaryong worksheets ito ay “Lubos na Balido”. Sinusuportahan ito sa pag-aaral ni Paynandos (2025), ang mga supplementary instructional materials na sumailalim sa ebalwasyon batay sa nilalaman, presentasyon, at organisasyon ay nakakuha ng “very satisfactory” na rating mula sa mga eksperto. Gayundin, natuklasan nina Camuyong (2023) na ang mga instructional materials na may mataas na antas ng kawastuhan at kaangkupan ay itinuturing na valid.

Panghuli, ang mga binuong supplementaryong worksheet ay lubos na katanggap-tanggap sa mga guro ng Filipino 6 at mga mag-aaral sa ikaanim na baitang, batay din sa pag-aaral ni Castañeda (2026), ang mga supplementary worksheets ay nakatanggap ng “very much acceptable” na rating mula sa mga guro sa lahat ng pamantayan tulad ng layunin, nilalaman, organisasyon, at presentasyon, at napatunayang epektibo rin sa pagpapabuti ng performance ng mga mag-aaral . Gayundin, natuklasan nina Galicha et. al (2023) na ang isang developed supplementary learning material ay “highly acceptable” ayon sa mga guro at eksperto batay sa mga salik tulad ng kalinawan, nilalaman, at pagiging kapaki-pakinabang .

Dagdag pa rito, ipinakita sa pag-aaral ni Cagomoc (2022) na ang mga learning activity sheets at self-learning modules ay tinanggap nang positibo ng parehong guro at mag-aaral dahil sa kanilang pagiging malinaw, organisado, at nakapagpapataas ng interes at motibasyon sa pagkatuto . Sinusuportahan din ito ng pananaliksik ni Rodriguez (2022), kung saan ang mga supplementary instructional materials ay tinaya batay sa iba’t ibang pamantayan tulad ng instructional design, format, at assessment, at napatunayang katanggap-tanggap ng mga guro bilang mga evaluator . Bukod dito, sa pag-aaral ni Subia (2021), ang instructional materials ay nakitang katanggap-tanggap at epektibo sa pagpapahusay ng akademikong pagganap ng mga mag-aaral, na nagpapakita na ang positibong ebalwasyon ng mga gumagamit ay kaugnay ng kanilang pagiging kapaki-pakinabang sa aktwal na pagtuturo .

5. Konklusyon

Ang mababang mean score sa tatlong pangunahing kompetensi sa Filipino 6 sa unang kwarter ay nagpapahiwatig ng pangangailangan para sa interbensiyong pang-instruksyon at suporta. Ang mga nilikhang supplementaryong worksheets ay nakatanggap ng mataas na pangkalahatang punto, na nagpapatunay sa pagiging balido, magandang kalidad, at kaugnayan sa mga pangunahing pamantayan ng ebalwasyon. Ang nabuong worksheets ay napatunayang katanggap-tanggap bilang mga karagdagang kagamitang pampagtuturo batay sa puna ng mga mag-aaral at guro ng

ikaanim na baitang ng Filipino 6. Dahil dito, inirekomenda na ang mga guro sa Filipino sa ikaanim na baitang ay maaring gamitin ang mga nabuo at balidong mga worksheet bilang karagdagang kagamitan. Bukod dito, dapat aktibong suportahan ng mga paaralan ang paglikha ng karagdagang mga kagamitan upang matulungan ang mga guro na patuloy na mapahusay ang mga estudyante. Dapat bigyan ng suporta ang mga guro para makagawa ng mga dagdag na gamit sa pagtuturo na tutulong sa mga estudyanteng nahihirapan sa ilang aralin.

Pasasalamat

Lubos ang pasasalamat ng mananaliksik sa institusyon dahil sa tulong na ibinigay upang matapos ang pananaliksik na ito.

Pahayag ng Salungatan ng Interes

Ang may-akda ay nagpahayag na walang anumang pinansyal o personal na interes na maaaring makaapekto sa kanyang pananaliksik.

Talasanggunian

- Aguinaldo, A. B. (2026). *Effectiveness of interactive reading materials in Filipino*. <https://doi.org/10.65339/ijtsair.V2.I1.125>
- Amaliya, I., et al. (2024). *The effectiveness of digital interactive worksheets*. <https://doi.org/10.55687/ste.v3i3.112>
- Boser, U., Chingos, M. M., & Straus, C. (2015). *The hidden value of curriculum reform*. Center for American Progress. <https://www.americanprogress.org/article/the-hidden-value-of-curriculum-reform/>
- Cagomoc, E. A. (2022). *Effectiveness and acceptability of learning activity sheets in improving students' performance*. International Journal of Scientific Research and Innovation, 6(4), 45–52. <https://orionjournals.com/ijtsru/content/effectiveness-and-acceptability-textbook-instruction-paired-locally-developed-quality>
- Camuyong, C. S. F. (2023). *Development and validation of learning course material*. <https://doi.org/10.11594/ijmaber.04.02.11>
- Castañeda, J. B. (2026). *Development, acceptability and effectiveness of supplementary worksheets*. <https://doi.org/10.65339/ijtsair.V2.I1.48>
- Dangle, Y. R. P., & Sumaoang, J. D. (2020). The implementation of modular distance learning in the Philippine secondary public schools. *3rd International Conference on Advanced Research in Teaching and Education*. https://www.researchgate.net/publication/354373719_The_Implementation_of_Modular_Distance_Learning_in_the_Philippine_Secondary_Public_Schools/link/6469aa03c9802f2f72ee9c03/download?tp=eyJjb250ZXh0Ijp7ImZpcnN0UGFnZSI6InB1YmxpY2F0aW9uIiwicGFnZSI6InB1YmxpY2F0aW9uIn19

- Department of Education (Philippines). (2020). *Most Essential Learning Competencies (MELCs)*.
<https://www.deped.gov.ph/2020/07/13/melcs/>
- Galicha, R. P., & Lazaro, A. D. (2023). *Development and validation of supplementary learning materials*.
Romblon State University Research Journal, 5(2), 112–125.
<https://ojs.rsu.edu.ph/index.php/rsurj/article/view/66>
- Hattie, J. (2009). *Visible learning: A synthesis of over 800 meta-analyses relating to achievement*.
Routledge. https://www.researchgate.net/profile/Irina-Siminceanu/publication/389520823_2024ed21-no27/links/67c68158207c0c20faa03f0a/2024ed21-no27.pdf#page=199
- Kuhlthau, C. C., Maniotes, L. K., & Caspari, A. K. (2020). *Guided inquiry design: A framework for inquiry in your school*. Libraries Unlimited. <https://www.abc-clio.com>
- Means, B., Toyama, Y., Murphy, R., & Baki, M. (2013). The effectiveness of online and blended learning: A meta-analysis. *Teachers College Record*, 115(3), 1–47.
https://www.academia.edu/download/43209482/%20study__online_and_blended_learning.pdf
- Mondragon, S. M. M., et al. (2023). *Effectiveness of supplementary learning materials*.
<https://doi.org/10.46827/ejes.v10i6.4858>
- OECD. (2019). *PISA 2018 results (Volume I): What students know and can do*. OECD Publishing. <https://doi.org/10.1787/5f07c754-en>
- OECD. (2024). *Reimagining education: Realising potential*. OECD Publishing.
<https://doi.org/10.1787/b44e2c39-en>
- Paynandos, J. R. (2025). *Validation of innovative supplemental materials*.
<https://doi.org/10.11594/ijmaber.06.03.34>
- Robles, J. B. (2025). *Development of supplementary e-learning guide*.
<https://doi.org/10.47772/IJRISS.2025.9010310>
- Rodriguez, M. L. (2022). *Acceptability of developed instructional materials among teachers*. *International Journal of Multidisciplinary: Applied Business and Education Research*, 3(5), 789–798.
<https://ijmaberjournal.org/index.php/ijmaber/article/view/842>
- Slavin, R. E. (2018). *Educational psychology: Theory and practice* (12th ed.). Pearson.
<https://www.scrip.org/reference/referencespapers?referenceid=2927030>
- Schmitt, N. (2020). *Vocabulary in language teaching* (2nd ed.). Cambridge University Press.
<https://www.cambridge.org>
- Subia, G. S. (2021). *Effectiveness and acceptability of instructional materials in the enhancement of students' academic achievement*.
<https://www.researchgate.net/publication/348334247>
- Tamim, R. M., Bernard, R. M., Borokhovski, E., Abrami, P. C., & Schmid, R. F. (2011). What forty years of research says about the impact of technology on learning. *Review of Educational Research*, 81(1), 4–28.
<https://doi.org/10.3102/0034654310393361>

- Tanucan, J. C. M., Alejandro, B. A., & Corcino, R. B. (2023). Towards an enhanced implementation of printed modular distance learning in the Philippines: A meta-synthesis. *International Journal of Learning, Teaching and Educational Research*, 22(3), 1–20. <https://doi.org/10.26803/ijlter.22.3.1>
- Tomlinson, C. A. (2014). *The differentiated classroom: Responding to the needs of all learners* (2nd ed.). ASCD. <https://books.google.com/books?hl=en&lr=&id=CLigAwwAAQBAJ&oi=fnd&pg=PP1&ots=AhqorJec ts&sig=2RAm0gIvKijsE5AT4Em2NQabwb4>
- UNESCO. (2022). *Foundational learning and learning poverty: Global update report*. <https://www.unesco.org/en/quality-learning/foundational>
-

Ambag ng May-akda: Biscarra, G.; Introduksyon, disenyo ng pag-aaral, pagbuo ng pamamaraan, pangangalap ng datos, pagsusuri ng datos, at pagsulat ng manuskrito